
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 1
January 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Ilunsad ang mga pakikibaka para sa lupa at repormang pang-ekonomya sa kanayunan

Lugmok sa kahirapan at krisis ang puo-puong milyong masang anakpawis sa kanayunan. Pasan-pasan nila ang iba't ibang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal at iba't ibang mga mapang-api at pabigat na patakaran at batas. Walang ibang solusyon sa nagpapatuloy at lumalalang kalagayan ng mga magsasaka, mga minoryang mamamayan at iba pang aping sektor sa kanayunan kundi ang magkaisa at magbangon upang ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa at iba pang mga reporma sa ekonomya.

Sa mga palayan, tubuhan, niyugan, maisan at iba pa, walang sariling lupa ang mga nagbubungkal at naglilinang ng lupa. Malaking bahagi ng yamang kanilang nililikha ay inaangkin ng malalaking panginoong maylupa sa anyo ng pabigat na upa sa lupa at mapang-aping mga kundisyon sa hatian sa gastos sa produksyon. Matinding pahirap din sa milyun-milyong magsasaka ang pambabarat sa presyo ng kanilang mga produkto ng malalaking komersyanteng may monopolyong kontrol sa pamimili.

Liban sa kawalan ng lupa at mababang kita, binabalikat nila ang mabibigat na problemang sosyo-ekonomiko na ibinunga ng mga patakarang neoliberal sa sektor ng agrikultura. Direkta ang bigwas ng mga

"Ilunsad...," sundan sa pahina 2

## *Drone* at 3 armas nasamsam ng BHB sa Samar

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar ang mga elemento ng 1st Eastern Samar Provincial Mobile Force Company sa Barangay Libuton, Borongan City noong Disyembre 13, alas-3 ng hapon. Tatlong pulis ang napatay at tatlo ang sugatan matapos silang pasabugan at paputukan ng mga Pulang mandirigma. Nakumpiska mula sa mga pulis ang isang yunit ng *drone*, tig-isang M-16 at M4, pistolang 9mm at mga kagamitang militar.

Kinundena ng BHB-Eastern Samar ang pagpapakalat ng pekeng balita ng 8th ID at pulisya hinggil umano sa mga sibilyang "nadamay" sa ambus. Mariin itong pinasinungalingan ng mga sibilyan na nagsabing malayo

"Drone...," sundan sa pahina 3

"Ilunsad...," mula sa pahina 1

patakarang tulad ng liberalisasyon sa importasyon ng bigas na pumapatay sa kabuhayan ng 2.4 milyong magsasaka sa palay. Kasabay ng pagbagsak ng kabuuang halaga ang pagbagsak ng bolyum ng ani, na nagtulak sa pagsasara ng mahigit 4,000 gilingan. Mula 2017, mahigit isang milyong trabaho sa kanayunan ang nawala.

Malayong hindi nakasasapat ang kita ng maliliit na magsasaka at nananatili silang baon sa utang. Sa nakaraang tatlong dekada, paliit nang paliit ang abereyds na laki ng lupang sinasaka ng mayorya ng mga magsasaka habang pataas nang pataas ang kanilang gastos sa produksyon. Matagal nang nasagad ang hangganan ng mga lupa na inangkin ng malalaking panginoong maylupa at mga plantasyon. Malawakan ang pangangamkam at dislokasyon bunsod ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural para sa mga proyektong pabahay, sonang pangeksport, lugar panturista at iba pang komersyal na gamit. Sinasaid ng mga dayuhang kumpanya sa mina at troso ang dating makakapal na kagubatang itinuturing na bahagi ng mga lupang ansestral ng mga pambansang minorya. Habang tumatakbo ang panahon, lalong yumayaman ang dati nang malalaking panginoong maylupa at kasosyo nilang mga dayuhan at burgesya-kumprador.

Inianak ng kaayusang ito ang hukbo ng mga walang trabaho na kung hindi lumuwas sa mga syudad at naging balon ng sobrang lakas-paggawa o napilitang mangibang-bansa, ay natetengga sa kanayunan o napipilitang mamasukan sa iba't ibang trabaho.

Dagdag sa hirap na kalagayang sosyo-ekonomiko, walang puknat ang pang-aatake ng rehimeng US-Duterte sa mga magsasaka at kanilang mga komunidad upang patahimikin sila at ipalunok na lamang ang kanilang kaapihan. Sentro ng mga atakeng ito ang mga lugar na may interes ang malalaking burgesyang-kumprador, mga dayuhang korporasyon at mga alyado nilang burukrata-kapitalista. Pinokusan ng mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga lugar na malakas na lumalaban ang masa at ang kanilang rebolusyonaryong kilusan.

Iniuugnay mismo ng rehimeng Duterte ang malalaking kampanyang militar sa kanayunan sa maka-kapitalista at maka-dayuhang mga proyektong pang-imprastruktura nito. Sa ilalim ng kunwa'y "whole-of-nation" na pagharap sa kontra-insurhensya, direkta nitong pinagsilbi ang malalaking operasyong kombat sa pagtatayo ng mapaminsalang mga dam, minahan at plantang pang-enerhiya, at mga sistema ng kalsada, paliparan at piyer na kailangan para sa kanilang mga operasyon. Sa ilang lugar, walang puknat ang panghahalihaw ng mga pulis at sundalo sa ngalan ng Community Support Program para bigyan-daan ang mga proyektong ekoturismo at sonang pang-eksport. Mga sundalo na mismo ang nagdadala ng dayuhang mga kapitalista sa liblib na mga baryo na target ng ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon.

Walang ibang masusulingan ang masang magsasaka at anakpawis sa kanayunan kundi ang manindigan at lumaban.

Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan na suportahan at tulungan ang masang anakpawis na igiit ang batayang mga hinaing. Dapat silang tulungan sa paglulunsad ng mga pakikibakang masa laban sa pang-aapi at pagsasamantala at para sa ikauunlad ng kanilang kabuhayan. Kailangan ng masang magsasaka at iba pang sektor sa kanayunan na magkaisa at isulong ang kanilang kilusan para sa reporma sa lupa at mga reporma sa ekonomya upang itaguyod ang kanilang karapatan at kagalingan. Kaakibat nito, kailangang itaas ang antas ng produksyon at gawain sa ekonomya, gayundin ang pakikibaka para ipagtanggol ang mga lupang ansestral at ang natitirang yamang kagubatan.

Bilang tunay na hukbo ng masa, dapat bigyan ng matamang pansin at atensyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kalagayan ng masang

"Ilunsad...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 1 | Enero 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

# Nilalaman

**Editoryal:** Ilunsad ang mga pakikibaka para sa lupa at repormang pang-ekonomya sa kanayunan 1
*Drone* at 3 armas nasamsam ng BHB 1
Ika-51 anibersaryo ng PKP 3
Militarisasyon sa tigil-putukan 4
Brutalidad sa loob ng CAFGU 5
Paglaban ng masa sa Delta Serra 6
Pekeng litrato ng pekeng surender 7
Tradisyong Lumad, ginagamit ng AFP laban sa mga minorya 8
Kumperensya sa propaganda sa Panay 9
Panggigipit sa mga dalaw ng Kapatid 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Ilunsad...," mula sa pahina 2*

magsasaka, minorya at anakpawis sa kanayunan at tulungan sila sa kanilang mga pakikibaka laban sa pagsasamantalang pyudal at iba pang anyo ng pang-aapi at pagpapahirap sa masa. Dapat tulungang palakasin ang mga demokratikong organisasyong masa at tuluy-tuloy na ikonsolida ang mga sangay ng Partido sa lokalidad.

Dapat pangunahan ng mga namumunong komite ng Partido sa iba't ibang antas, katuwang ang mga yunit ng BHB, ang panlipunang pagsisiyasat upang mas mahigpit na sapulin ang kalagayan at problemang kinakaharap ng masang anakpawis. Dapat buuin ang angkop na mga islogan na nakalapat sa kongkreto at pinakakagyat na mga pangangailangan at kahilingan ng masa. Dapat isagawa ang pagsisiyasat sa iba't ibang antas at regular itong nasasariwa. Kailangan ilantad ang mapang-aping mga programa, patakaran, proyekto, mga nangungunang kumpanya at panginoong maylupa sa antas rehiyon, prubinsya, inter-munisipalidad hanggang sa antas ng mga baryo. Kailangang madetalye ang mga partikular na hakbang at usaping direktang nakaaapekto sa iba't ibang sektor na saklaw ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagkilos ng masang magsasaka at iba pang sektor sa kanayunan para itaas ang kanilang katayuan sa ekonomya, itinatakwil nila ang mga porma ng pagsasamantala at pang-aapi ng malapyudal na sistemang panlipunan. Kailangang pahigpitin ang pagsapol at pag-unawa na susi ang malaganap at masinsing pakikibaka ng masang anakpawis sa pagpapalawak at pagpapatatag sa hukbong bayan, at sa gayon, sa pagtaas ng pangkalahatang antas ng digmang bayan. Sa paglaki at paglakas ng hukbong bayan, lalo nitong magagampanan ang kanyang mga tungkulin sa masinsin at komprehensibong paraan. AB

# Ika-51 anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang sa buong kapuluan

Matagumpay na ipinagdiwang ng rebolusyonaryong kilusan sa buong kapuluan ang ika-51 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong huling bahagi ng Disyembre 2019. Ito ay sa kabila ng patuloy na pananalakay ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong rehimen sa mga komunidad sa kanayunan sa imbing pagtatangkang pigilan ang mga selebrasyon.




Pinatampok sa mga pagdiriwang ang temang "Palakasin ang Partido! Pamunuan ang pakikibaka ng mamamayan!" Pinagpugayan din sa mga programa ang mga Pulang mandirigma at kumander, mga kadre at kasapi ng Partido na nag-alay ng buhay sa paglilingkod sa sambayanan.

Sa Southern Tagalog, libu-libo ang dumalo sa mga pagdiriwang na ginanap sa iba't ibang sona at larangang gerilya. Ang ilan sa mga dumalo mula sa mga syudad ay nagpaiwan at nagpasyang sumampa bilang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nagdaos din ng lihim na mga pagdiriwang sa mga baseng komunidad sa mga sentrong urban ng rehiyon.

Sa Panay, aabot naman sa isang libo ang dumalo sa mga pagdiriwang. Bitbit ang temang "Mag-ambag sa Pambansang Pagsulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan," naglunsad ng mga programa ang iba't ibang yunit ng BHB at sangay ng Partido sa rehiyon kung saan tampok ang mga pangkulturang pagtatanghal, pulong masa at operasyong pinta-dikit. Pinagpugayan sa programa ang mga tagumpay na nakamit ng masa sa pamumuno ng Partido kabilang na ang pagpapababa ng interes sa pautang at pagtataas sa presyo ng mga produkto ng masasaka.

Hindi bababa sa apat na larangang gerilya ang nagdiwang ng anibersaryo ng Partido sa Northern Samar. Dinaluhan ang mga ito ng tinatayang 400 indibidwal. Naglunsad din ng mga pagdiriwang sa Western Samar at Leyte. Nag-alay ang mga kasapi ng BHB ng mga awit at tulang tumatalakay sa mga tagumpay ng kanilang gawaing rekoberi.

Sa Bicol, daan-daan rin ang nakiisa sa mga pagdiriwang. Tampok sa kanilang programa ang mga pangkulturang pagtatanghal ng mga kasapi ng BHB at Kabataang Makabayan.

Matagumpay ding nakapagdiwang ang mga kasapi ng Partido at BHB sa NCMR sa kabila ng tuluy-tuloy na operasyong militar sa buong rehiyon.

Nagpahayag naman ng pakikiisa ang mga rehiyunal na komite ng Partido, mga yunit ng BHB at lihim na organisasyong masa.

Ayon sa Komiteng Rehiyon ng Partido sa Negros, pinangibabawan ng armadong kilusan at demokratikong kilusang masa ang lantarang tiraniya at paghahasik ng lagim ng estado sa rehiyon noong 2019.

*"Ika-51..," sundan sa pahina 4*

*"Drone...," mula sa pahina 1*

sila sa pinangyarihan ng engkwentro. Anila, hiwalay na aksidente ang dahilan ng pagkasawi ng nasabing mga sibilyan kung saan sumalpok ang traysikel na kanilang sinasakyan sa kasalubong na *van*.


Ipinakalat ng militar at pulisya ang pekeng balita para pagtakpan ang kanilang pagkatalo at pigilan ang noo'y pinaplanong muling pagbuhay sa usapang pangkapayapaan. AB

# Militarisasyon sa gitna ng tigil-putukan

Nagpatuloy ang mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa kabila ng magkatugong deklarasyon ng unilateral na tigil-putukan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Tumagal ang tigil-putukan mula Disyembre 23, 2019 hanggang Enero 7, 2020. Sa loob ng panahong ito, nakapagtala ang *Ang Bayan* ng hindi bababa sa 35 na kaso ng paglabag ng reaksyunaryong estado sa nasabing deklarasyon.

Sa kabilang banda, nilinaw ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na hindi paglabag sa deklarasyon ng tigil-putukan ang depensibang aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol at Iloilo laban sa armado at sustenidong pananalakay ng mga yunit ng AFP at PNP noong Disyembre 23. Taliwas ito sa malisyosong mga pahayag na inilalabas ng militar.

**Bicol.** Naglunsad ng sinkronisadong mga operasyong militar ang AFP sa Camarines Norte at Sorsogon ilang oras lamang matapos na magkabisa ang deklarasyon. Noong Disyembre 24, bandang alas-10 ng umaga, ginalugad ng mga elemento ng 92nd Division Reconnaissance Company (DRC) ang Barangay Baay sa Labo, Camarines Norte sa layong tugisin ang mga Pulang mandirigma. Dahil dito, natulak na maglunsad ng aktibong depensa ang Armando Catapia Command laban sa mga pasista. Tatlong sundalo ang namatay at walong iba pa ang nasugatan matapos silang pasabugan ng eksplosibo ng mga Pulang mandirigma. Kasabay nito, ginalugad din ng mga elemento ng 903rd IBde ang Barangay San Isidro sa Donsol, Sorsogon.




**Panay.** Nakapagtala ang NDFP-Panay ng hindi bababa sa pitong insidente ng paglabag ng 61st IB at PNP Regional Office 6 (PRO 6). Una rito ang pagpapatupd ng PRO 6 ng Oplan Galugad sa Barangay Singon, Tubungan, Iloilo mula pa noong Disyembre 19 na nagpatuloy hanggang sa magkabisa na ang deklarasyon. Sa tabing nito, aabot sa 100 operatiba ang ipinakat sa lugar para tugisin ang mga Pulang mandirigma at magpalaganap ng saywar at teror. Bilang tugon, naglunsad ang Napoleon Tumagtang Command ng kontra-opensiba sa mga pulis noong Disyembre 23 na nagresulta sa anim na sugatan sa hanay ng kaaway. Pinasinungalingan din ng yunit ang pahayag ni Lt. Col. Joem Malong ng PRO 6 na suspendido na ang mga operasyong pulis noong panahong iyon. Inilantad nito na maliban sa Singon, nag-ooperasyon din ang mga sundalo at pulis sa kanugnog na mga barangay nito kabilang ang Ayubo at Cawilihan sa bayan ng Leon.

Mula Disyembre 26-29, naiulat naman ang pag-ooperasyon at pagpapalaganap ng saywar ng 18 sundalo ng 61st IB sa mga barangay ng Tacuyong Norte at Manampunay sa Leon, Iloilo; 18 sundalo sa mga barangay ng Igdampog Norte at Igdampog Sur sa Tubungan; at 30 elemento ng PNP Provincial Mobile Force sa mga barangay ng Igtuble at Igpaho. Sa tabing ng operasyong "peace and development," nag-operasyon at naniktik din ang 30 sundalo sa mga barangay ng Tig-

*"Militarisasyon...," sundan sa pahina 5*

---

*"Ika-51...," mula sa pahina 3*

Kinilala ng komite ang militanteng paglaban ng mamamayan sa pagragasa ng mga patakarang neoliberal at brutal na kontrarebolusyong digma ni Duterte.

Ayon naman kay Simon "Ka Filiw" Naogsan ng Cordillera People's Democratic Front, patuloy na umaani ng suporta at respeto ang PKP sa hanay ng mamamayang Pilipino sa pagsusulong nito ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Inilahad naman ng BHB-North Eastern Mindanao Region na wala ni isang larangang gerilya ang nagapi sa rehiyon sa kabila ng walang puknat na mga atake ng AFP at PNP.

Para kay Prop. Jose Ma. Sison, pangulong tagapagtatag ng PKP, ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ay hindi magagapi. Pinatibay ng limampung taong pakikibaka ng mga rebolusyonaryo ang Partido tulad ng asero.

Hamon ng PKP sa kasapian nito na magpalakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon alinsunod sa linya ng limang-taong programa ng Komite Sentral. Dagdag pa, kinakailangang magbuo ng mas marami pang sangay ng Partido sa hanay ng mga manggagawa, mala-manggagawa at petiburgesya sa kalunsuran. Hamon nito sa BHB na ibayong magpalakas at kumprehensibong isulong ang digmang bayan. Bagamat napangibabawan ng BHB ang todo-gera ng kaaway, nararapat lamang na bigyang atensyon ang higit pang konsolidasyon upang biguin ang mas malalaki pang atake ng reaksyunaryong estado sa hinaharap, dagdag nito.

Anang PKP, mabilis na nalalantad ang mga pasistang kasinungalingan at huwad na pangako ng rehimeng Duterte sa harap ng tumitinding krisis at paghihirap ng mamamayang Pilipino. Higit na napapanahon ngayon higit kailanman ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, pagwawakas ng PKP. AB

# Sapilitang rekrutment at brutalidad sa loob ng CAFGU

Higit pang nabunyag ang pagkatuso ng Armed Forces of the Philippines (AFP) kaugnay ng mga ipinaparada nitong pekeng mga "sumurender." Gamit ang pananakot at panlilinlang, pwersahang nirerekrut ang pekeng mga "sumurender" sa CAFGU. Karaniwang gawi ito ng mga sundalo, ayon sa testimonya ng ilang CAFGU na naging bihag-ng-digma (*prisoner-of-war* o POW). Nadakip sila matapos ang isang matagumpay na reyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isang detatsment sa Agusan del Sur noong 2018.




Sa 16 POW na nadakip sa naturang reyd, 14 ang aktibong elemento ng CAFGU. Ikinuwento nila sa mga Pulang mandirigma na tinipon ng mga pasistang sundalo ang mga residente sa kanilang komunidad. Sa pagtitipon na iyon, binasa ang listahan ng pinagbibintangang mga tagasuporta ng BHB, o mga pinaghihinalaang kasapi ng milisyang bayan o sangay ng Partido sa lokalidad.

Matapos ang aktibidad, isa-isa silang ipinatawag at pinagbantaang sasampahan ng mga kasong kriminal. Tinakot din silang papatayin kung tatangging maging CAFGU. Napapayag ang ilan sa mga residente matapos pangakuan ng regular na sweldo at kabuhayan. Pawang mga maralitang magsasaka ang mga narekluta.

Matapos nito, dinala sila ng AFP sa Malacañang at ipinarada ni Rodrigo Duterte sa midya bilang mga "sumurender." Dinala sila sa Davao at muling iniharap ni Duterte sa publiko bilang mga diumano'y "rebeldeng nagbalik-loob." Sa parehong pagkakataon, pinangakuan sila ni Duterte ng tig-Php50,000-100,000, pabahay at kabuhayan.

Wala ni isa sa kanila ang nagkatanggap ng ipinangakong pabuya.

### Pagmamalupit sa treyning ng CAFGU

Maluha-luha si Gary (hindi tunay na pangalan), 21, nang ilahad niya sa BHB ang mga paghihirap, kahihiyan at pasakit na dinanas niya sa loob ng 42 araw na treyning para sa CAFGU.

"Hanggang ngayon ay sumasakit pa rin ang sugat sa aking ulo," aniya, at ipinakita ang mga pilat sa kanyang noo at bumbunan dulot ng pako. Ikinuwento ni Gary na ilang ulit siyang pinarusahan ng "tusok-ulo," o paghampas ng kahoy na may mga pako. Madalas silang pinarurusahan kung hindi nila nakakayanan ang mga "drill" o hindi nakukumpleto ang mabibigat na ehersisyo sa treyning.

"Una akong pinarusahan noong bumagsak ako sa pagod dahil isang buong araw kaming pinag-*jogging* palibot ng isang putikang *field*. Walang tigil, walang kain, walang pahinga." Bukod sa "tusok-ulo," karaniwang parusa rin ang paghampas ng "padel" (malapad at makapal na kahoy) sa kanilang mga binti at braso. Madalas din silang binubugbog ng mga kadreman kapag nagkakamali. "Minsan, kahit wala kaming kasalanan, basta mainit lang ang ulo ng upisyal." Kadreman ang tawag sa mga regular na sundalong nangangasiwa sa mga CAFGU.

*"CAFGU...," sundan sa pahina 6*

*"Militarisasyon...," mula sa pahina 4*

marabo at Ungyod sa Miag-ao, Iloilo mula Enero 3-4.

**Negros.** Nakapagtala ang Apolinario Gatmaitan Command ng 11 ulat hinggil sa mga kilos at operasyon ng 62nd at 79th IB sa Negros Oriental mula Disyembre 24-Enero 6. Isa ang naitala sa bayan ng Isabela, apat sa Moises Padilla, at tigtatlo sa Himamaylan at Escalante City. Dagdag pa rito ang mga operasyon ng 11th IB at PNP sa Talalac sa Sta. Catalina at iba pang mga bayan sa ikatlong distrito ng Negros Oriental.

**North Central Mindano.** Magkakasunod na mga operasyong militar din ang isinagawa ng AFP sa North Central Mindanao. Noong Disyembre 23, naiulat ang pag-atake ng mga paramilitar na Wild Dogs sa kampo ng BHB sa Barangay San Vicente, Esperanza, Agusan del Sur. Namataan din ang tuluy-tuloy na pagpasok ng mga tropa ng 26th IB sa Barangay Tagbalili sa parehong bayan mula Enero 2 hanggang 4.

Sa Impasug-ong, Bukidnon, tuluy-tuloy din ang operasyong militar sa Barangay Hagpa, Calabugao, at Bulonay mula pa noong Disyembre 24. Dalawang kanyon din ang ipinuwesto sa Hagpa at Calabugao. Tinatayang 40 sundalo rin ang kasalukuyang nakakampo sa paaralan ng Sityo Mahagwa sa Hagpa. Noong Enero 4, nagpalipad din ng *drone* ang mga sundalo sa nasabing sityo.

**North Eastern Mindanao.** Kinubkob din ng mga tropa ng 401st IBde at PNP-Caraga ang bayan ng Bacuag sa Surigao del Norte kung saan sana planong idaos ang isang selebrasyon para sa ika-51 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 29.

**Ilocos.** Patuloy din ang pag-ooperasyon ng mga tropa ng 24th IB sa mga bayan ng Malibcong, Pilar, Lacub, Sallapadan, Tubo at Villaviciosa. Partikular sa Lacub, natulak na magbakwit ang ilang residente noong Disyembre 23 dulot ng militarisasyon sa kanilang komunidad. AB

# Kampanyang militar at paglaban ng masa sa Delta Serra

*Ito ang ikalawang bahagi ng "Pagpupundar ng Pulang kapangyarihan sa Delta Serra" na lumabas sa isyu ng* Ang Bayan*, Nobyembre 21, 2019.*

Sa pagtatasa ng kumperensya ng Partido sa larangan, tumampok ang malawak na naabot nito sa pag-oorganisa at gawaing masa. Nagsilbing batayan ang mga tagumpay para sa kabuuang pag-abante nito. Napagpasyahan din ng kumperensya na maglunsad ng kampanyang militar laban sa mga kumpanyang troso at komersyal na plantasyon na patuloy na nangangamkam ng lupa at nandarahas sa mga residente. Tinarget nito ang mga armadong galamay ng kumpanya at maging ang mga pasistang pwersa ng estado na nagbibigay ng proteksyon dito.

Sinang-ayunan ng masa, kabilang ng tradisyunal na mga lider, ang disenyo ng kampanya kaya naging mas malawak ang pagpapatupad nito. Kinilala rin nila ang rebolusyonaryong katangian at balangkas ng kampanya.

Nagbunga ito ng sunod-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba na nilahukan ng mga yunit ng milisyang bayan. Ilang baril at kagamitang militar ang nakumpiska ng BHB sa iba't ibang opensiba gaya ng reyd, ambus at operasyong pagdidisarma. Ilang malalaking kagamitan din ng kumpanya ang winasak ng BHB sa isang reyd. Ayon sa mga ulat, umabot sa P35 milyon ang kabuuang pinsalang tinamo nito.

Dahil dito ay lumawak at lumakas ang reaksyon ng mga pasistang pwersa. Lumawak ang presensya ng sundlo sa mga baryo at maging sa loob at paligid ng lupain ng mga kumpanya. Naging mas matagalan din ang kanilang mga operasyon. Sa harap nito ay ipinanawagan ang ibayong pagpapalakas ng armadong kampanyang pagtatanggol. Sumiklab ang serye ng mga aksyong tumatarget sa mga kampo ng militar at poste ng mga gwardya ng kumpanya. Sa halip na matakot, lalong sumidhi ang determinasyon ng masa na magtanggol laban sa mga pasistang atake sa kanilang komunidad.

Marami ang sumapi sa BHB bunga ng kampanya. Agad na nakapagtayo ng dalawang karagdagang platun ang larangan. Nabuo rin ang ilang platun ng milisyang bayan. Nagtagumpay ang kampanya sa pagpapatigil ng operasyong troso at pagpapalawak ng komersyal na plantasyon. Napigilan din ang planong pagpasok ng operasyong mina ng huli.

**Pagpapanday ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika**

Mahalaga ang pagkilala at pagsasaalang-alang ng Partido sa tradisyunal na sosyo-pulitikal na istruktura ng mga Lumad sa Delta Serra. Naging daan ang tradisyunal

*"Delta Serra...," sundan sa pahina 7*

---

*"CAFGU...," mula sa pahina 5*

Si Tatay Lito (hindi tunay na pangalan), sa kabila ng kanyang edad na 61, ay hindi rin nakaligtas sa pagmamalupit ng mga upisyal militar. Dahil matanda na, karaniwan siyang idinedestino sa gawaing kusina. Madalas din siyang pinag-iigib ng pampaligo ng mga upisyal at regular na sundalo sa kampo.

"Minsan, hindi ko sinasadyang nahilaw ang sinaing. Pinagsasampal ako ng upisyal sa harap ng lahat. Sa sobrang lakas ay natanggal ang aking ngipin." Mas masahol pa, dahil umano sa kanyang "kasalanan," ang lahat ng *trainee* ay pinag-*jogging* nang buong araw sa putikan. "Hiyang-hiya ako sa kanilang lahat, hindi ko naman sinasadya," ani Tatay Lito.

Nang tanungin ng BHB ang kadreman na kasama sa mga nadakip na POW, hindi niya itinanggi ang mga kwento. "Tradisyon" na raw ito, at kadalasa'y mas malala at mas malupit ang mga parusa kapag papalapit na ang pagtatapos ng mga *trainee*.

**Katiwalian ng kadreman**

Nagpatuloy ang paghihirap at pagtitiis ng mga CAFGU sa pagpasok nila sa serbisyo.

Hindi nila nakuha ang Php9,000 na buwanang sweldong ipinangako sa kanila. Ayon sa kanila, ang pamimigay ng suweldo ay "kinsenas-katapusan," o sa tuwing ika-15 at ika-30 ng buwan, subalit nasa Php1,500-P2,000 lang bawat buwan ang kanilang natatanggap.

"Minsan, nakapagreklamo kami sa mas mataas na upisyal na bumisita sa kampo. Pero ang sabi niya matagal na raw na nakuha ng kadreman ang aming sweldo. Noong tinanong naman namin ang kadreman, itinanggi niyang nakuha niya ang pera."

Ang ilan din sa mga CAFGU ay mahigit isang taon na sa serbisyo pero nakatanggap lamang ng katumbas sa tatlong buwang sweldo. Sa kabilang banda, masama ang kanilang loob dahil lagi raw masarap ang pagkain ng kanilang kadreman, mamahalin ang mga gamit at imported ang sigarilyo.

"Mabuti pa noong nagsasaka kami, wala kaming utang. Nang mapasok na sa CAFGU, baon na sa utang, wala pang makain ang aming pamilya." Si Jun, 33, ay may maliit na lupang sakahan sana pero naisangla niya ito para ipambili ng uniporme, bakpak, *combat boots* at iba pang mga rekisito sa pagpasok sa CAFGU.

Nang tanungin ang mga POW kung babalik pa ba sila sa CAFGU kung mapalaya na, pare-pareho ang kanilang tugon. "Hindi na po talaga, babalik na lang ako sa pagsasaka." AB

*"Delta Serra...," mula sa pahina 6*

na pampulitikang mga aktibidad para sa mabilis na pagbubuo ng mga pagkakaisa na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.

Ang tradisyunal na pagtitipon ng mga katutubo ay natransporma tungong isang pangmasang asembliya na sumaklaw sa buong distrito. Maging sa erya para sa ekspansyon ay nakapagsagawa ng katulad na saklaw-munisipalidad na pagtitipon. Naging daan ang mga ito para sa kagyat na pagtatayo ng Rebolusyonaryong Organisasyon ng mga Lumad (ROL) sa masaklaw na antas.

Mabilis din ang pagdami at paglawak ng mga lokal na sangay ng Partido. Sa maikling panahon ay naitayo ang dalawang lokal na seksyong sumasaklaw sa dalawang magkahiwalay na kulumpon ng mga baryo.

Dahil masinsin at malawak ang naabot sa pag-oorganisa at konsolidasyon, sunod-sunod na naitayo ang mga komiteng rebolusyonaryo sa iba't ibang antas.

Lalong sumigla ang paglahok ng masa sa mga pampulitikang gawain at aktibidad. Itinuturing nilang isang malaking rebolusyonaryong tagumpay na napamamahalaan mismo nila ang pinanday nilang gubyerno. Nagsikap ding matuto sa pamamahala ang mga bagong halal na upisyal habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin.

Sa pag-unlad ng gawain sa pulitika, kinaharap ng mga rebolusyonaryong pwersa ang panibago at kakaibang mga hamon sa konsolidasyon at ibayong pagsulong. Kabilang sa mga mayor na hamong natukoy ang pangangailangang magpaunlad ng kasanayan sa pagbibigay ng rebolusyonaryong edukasyon ng mga platung itinalaga ng larangan para tumutok sa pagkokonsolida.


Dumanas din ang mamamayan ng Delta Serra ng marahas na atake ng AFP kasabwat ang reaksyunaryong lokal na pamahalaan para lansagin ang base at pampulitikang kapangyarihan ng mamamayan. Daan-daan ang ipinarada ng AFP na biktima ng kanilang sapilitan at huwad na pagpapasurender. Karamihan sa kanila ay mula sa mga lugar na hindi pa naaabot ng pag-oorganisa. Maraming sibilyan ang sinampahan ng mga kaso, at may ilang iligal na inaresto.

### Mga aral at ibayong pagsulong

Isa sa mga aral na pinanghahawakan ng hukbo sa Delta Serra ang kahalagahan ng pagtatayo ng lakingkumpanyang larangang gerilya. Kinilala din nito na kinakailangang pabweluhin ang partisipsyon ng masa nang sa gayo'y sumulong sila sa paggampan ng iba't ibang rebolusyonaryong gawain. Naging mahalaga rin ang pagbubuo ng mga lokal na yunit gerilya. Nagsisilbing ubod ng mga ito ang mga lokal na seksyon ng Partido. Sa harap ng walang puknat na mga atake ng pasistang rehimen, ang mga lokal at panlarangang yunit gerilya ang nagsisilbing upisina at taga-depensa ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Sa kasalukuyan, hustong pinanghahawakan ng larangan ang balanse sa pagitan ng konsolidasyon at ekspansyon upang patuloy na mapalawak at makonsolida ang baseng masa. May mga kwerpo ng mga instruktor ng Pambansa Demokratikong Paaralan sa hanay ng masa para sa regular na mga pag-aaral sa mga komunidad. Mas pinasigla rin ang mga serbisyo tulad ng pagpapaunlad ng produksyon, literasiya at numerasiya para sa mga bata at matatandang hindi nakapag-aral, at serbisyong pangkalusugan.

Malaking tagumpay para sa masa na epektibong nadedespensahan ang kanilang lupang ninuno. Hakbang-hakbang na rin nilang naipatutupad ang programa sa reporma sa lupa–mula sa pagpapataas ng presyo ng kanilang mga produkto hanggang sa pagbawi sa mga lupang sakahang inagaw ng kumpanya. Tinutukan ng bawat organo ang pagpapaunlad ng produksyon upang matutustusan ang lokal na pangangailangan ng masa. Sa mga baryo at komunidad, patuloy na lumalawak ang mga sakahan ng palay, mais at iba pang mga produktong pagkain. Sumailalim din ang mga istap sa produksyon sa mga pagsasanay hinggil sa angkop na mga pamamaraan sa agrikultura. Ito ay para epektibong mapangasiwaan at maturuan ang mga grupo sa produksyon ng angkop na mga kasanayan sa pagsasaka. AB



## Pekeng litrato ng pekeng surender

MULING NALANTAD ANG programa ng pekeng pagpapasurender na Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) sa dinuktor na larawan mula sa Armed Forces of the Philippines.

Noong Disyembre 26, 2019, naglabas ng balita ang 2nd IB sa pamumuno ni Lt. Col Napoleon Pabon na 306 umanong myembro ng Bagong Hukbong Bayan ang sumurender. Kasabay nito ang isang litratong ipinamahagi sa midya na nakakuha ng pansin ng mamamayan. Sa nasabing larawan, isang lumang litrato ng isang grupo ng umano'y mga sumurender ang ipinatong sa isa pang litrato na may mga nakahilerang baril.

Ilang araw na laman ng mga balita ang pagbatikos sa panlilinlang ng militar. Dahil sa iskandalo, naobligang magpaliwanag ang mga tagapagsalita ng militar at nangakong magsasagawa ng imbestigasyon. AB

# Tradisyong Lumad, ginagamit ng AFP laban sa mga minorya

Habang isinusulong ang kampanyang "kontra-insurhensiya," pinaiigting ng rehimeng US-Duterte at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang "IP-centric approach" (taktika na nakatuon sa mga masang minorya) sa mga komunidad ng Lumad. Ang kahungkagan ng islogan na ito ay makikita sa paglapastangan ng estado sa Dumalongdong upang lalong manggipit at sapilitang magpasurender ng mga Lumad sa Agusan del Sur at Agusan del Norte.

Ang Dumalongdong ay isang tradisyunal at pulitikal na taunang pagtitipon ng mga datu at lider-Lumad ng mga tribung Higaonon at Banwaon. Dito pinagtitibay ang mga batas at patakaran upang depensahan ang kanilang lupang ninuno. Dito rin nilulutas ang mga mayor na tunggalian ng mga kasapi. Sa Dumalongdong din isinasagawa ang "dang-ul" o pagbabasbas sa bagong mga datu. Malinaw na isa itong sagradong pagtitipon na naglalayong palakasin ang kaisahan ng mga tribu.

Noong Agosto-Nobyembre 2019, nag-organisa ng mga Domalongdong ang AFP sa mga komunidad sa Agusan del Sur (Mahagsay at Lumboy sa San Luis; Sinakungan sa Esperanza) at Agusan del Norte (Kasiklan sa Las Nieves). Kasama ang nasabing mga lugar sa 36 na barangay sa dalawang prubinsya na kasalukuyang may nakatayong detatsment ng CAFGU.

Ayon sa isang datu, sapilitan silang pinadalo, laluna ang mga hindi pumupunta sa mga dating pagpupulong na pinatatawag ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP). Ang mga tumutol ay sinisindak at inaakusahang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa Agusan del Sur, ang pagpapatawag ay pinangunahan ni Ading Pascual, isang regular na sundalo. Kasama niya ang mga Lumad na inorganisa ng AFP sa paramilitar na "Wild Dogs" at "Bulif."

Ang pagrerekluta ng mga Lumad para sa CAFGU at pagtatayo ng mga kampo ay bahagi ng layuning paglaban-labanin ang mga Lumad. Ginagamit ng estado ang Dumalongdong para buwagin ang kanilang pagkakaisa na kinikilala ng BHB bilang mahalagang aspeto sa kanilang pagtatanggol sa lupang ninuno.

Huwad ding pinasurender ang mga residente sa ilalim ng batbat-sa-katiwaliang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP). Ang binasbasan namang maging datu ay mga pekeng lider na sunud-sunuran sa NCIP, mga sundalo, myembro ng CAFGU at mga negosyante.

Iprinisinta din ng AFP sa pagtitipon ang mga hangganan ng lupaing ninuno, at matapos nito'y naglunsad ng operasyong militar sa nasabing mga erya.

### Kasaysayan ng karahasan

Noong Oktubre 2017, dinaluhong ng AFP ang Barangay Minbukadyang, San Luis, Agusan del Sur at binomba ng helikopter. Pagkatapos nito ay pinagbawalan ang mga residente na lumabas sa komunidad sa loob ng isang linggo. Pinwersa silang pumunta sa kampo ng militar at sumurender.

Bilang pagtutol, dumulog ang komunidad sa reaksuyunaryong slokal na pamahalaan ngunit hindi ito nakagawa ng mapagpasayang hakbang. Dahil dito ay napilitan ang ilang residente na lumabas sa komunidad habang marami pa rin sa kanila ang nagpaiwan.

Sa kasunod na operasyon, isang sibilyan ang pinatay ng AFP sa komunidad ng Tamyang sa Barangay Binicalan. Dalawa pang sibilyan ang pinatay sa Nakadayas.

Matinding teror ang idinulot ng militarisasyon sa mga residente at sa mga kalapit na baryo. Sa kasalukuyan, walong komunidad na ng mga Lumad ang walang tao. Napilitan silang magtago sa mga liblib na bahagi ng gubat at namumuhay sa gitna ng matinding panggigipit.

Yaon namang mga napilitang sumurender ay nirekluta ng AFP upang maging *bantay-tunob* o tagabantay ng mga bakas sa kagubatan. Inaatasan sila na sundan ang mga bakas, hindi lang ng BHB, kundi pangunahin ng kanilang mga kapwa lumad na nagtatago sa gubat. Huhulihin o papatayin ang sinumang maaabutan ng mga armadong *bantay-tunob*.

Dagdag na pambubuyo upang lumabas sa baryo ang mga Lumad, nagpatawag ng mga pagtitipon ang NCIP, DSWD, at iba pang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno. Pwersahang pinadalo dito ang mga residente. Ang mga pulong na ito ang nagsilbing panimula para sa paglulunsad ng mga Dumalongdong na inorganisa ng AFP at NCIP.

### Lumalawak na interes ng mga kumpanyang mina

Tumitindi ang atake laban sa mamamayang Lumad sa Agusan upang hawanin ang lahat ng hadlang sa pagpapalawak ng interes ng mga dambuhalang mina.

Sa Agusan del Norte pa lamang, mayroong hindi bababa sa limang dambuhalang kumpanya sa mina na nag-oopereyt o may aplikasyong mag-opereyt. Saklaw ng mga ito ang mahigit 33,000 ektarya.

Susi sa pagkaka-apruba ng mga konsesyon sa mina ang pagpapailalim ng lupang ninuno sa mga Certificate of Ancestral Domain Title (CADT). Sa Dumalongdong na inorganisa ng AFP at NCIP sa Agusan del Norte, naipasa ang Tribal Resolution Number 11 series of 2019 na nagpailalim sa mga lupain ng Barangay Lawan-lawan, Las Nieves sa CADT. Si Eddie Ampiyawan, isa sa mga "datu" ng NCIP,

*"Tradisyong Lumad...," sundan sa pahina 9*

# Mga kumperensya sa propaganda at edukasyon, idinaos sa Panay

Matagumpay na inilunsad ng PKP sa isla ng Panay ang mga kumperensya sa gawaing edukasyon at propaganda. Sa gitna ng patuloy na pag-atake ng kaaway sa buong isla, nagtipon ang mga kadre ng iba't ibang organo sa ilalim ng komiteng rehiyon upang tasahin ang kabuuang takbo ng mga gawain sa edukasyon at propaganda. Binalangkas din ng mga kumperensya ang mga programa sa edukasyon at propaganda para sa susunod na taon.

Napapanahong pagsisikap ang mga kumperensyang ito upang higit pang isulong ang mga panawagan ng Partido na i-abante ang yugto ng digmang bayan at higit na patalasin ang rebolusyonaryong ulos sa dibdib ng rehimeng US-Duterte.

Nasa pinakamahusay na kundisyon ang gawain sa rebolusyonaryong edukasyon at propaganda para sa dagdag na buwelo ng mga ito.

Ang mga kadre na nakatutok sa gawain sa rebolusyonaryong edukasyon at propaganda, sa iba't ibang antas, ay may malalim na paggagap sa rebolusyonaryong teorya. Relatibong may mahaba na rin silang praktika sa naturang larangan ng gawain. Malaking bahagi ng mga delegado ay mga kabataan at nasa gitnang edad (42%), at 16% naman ang mga kadreng nasa abanteng edad.

Sapat na puhunan ito sa pag-abot sa daan-daanlibo, kundi man milyong mamamayan upang imulat sila, maorganisa at mapakilos sa rebolusyonaryong adhikain.

Sa pagtatapos ng kumperensya sa edukasyon, ipinanawagan na higit pang palakihin ang kapasidad ng mga organo ng Partido sa pagbibigay ng mga pangmasa at pampartidong edukasyon. Nilayon ring bigkisin sa ideolohiya ang mamamayan, organisadong masa at kasapian ng Partido sa pamamagitan ng malawakang edukasyon at sa tatlong antas na kursong pampartido.


Samantala, sa ilalim ng panawagang "Palaparin at pasiglahin ang hukbong propaganda ng Partido sa rehiyon! Kamtin ang posturang opensiba sa propaganda!" ipinanawagan sa kumperensya sa propaganda ang higit na pagpasigla sa kontra-opensibang propaganda laban kay Duterte. Ipinanawagan rin ng Partido sa kanyang hukbong propaganda na itodo ang buwelo sa paglantad sa kalagayan ng basehang masa at ibandila ang mga panawagan para sa pambansang demokrasya at armadong pakikibaka. AB

---

*"Tradisyong Lumad...," mula sa pahina 8*

ang nanguna sa nasabing Dumalongdong, at sa mga katulad na aktibidad sa iba pang baryo sa Agusan del Norte.

Dahil sa resolusyon, nakapasok sa barangay ang isang konsesyon ng mina na sumasaklaw ng 295 ektarya. Target ding ipailalim sa CADT ang iba pang barangay sa buong Las Nieves. Ang mga hangganan ng mga lupang ninuno na itinatakda sa CADT ay siya ring planong pasukin ng mga kumpanya sa mina.




Maliban sa Agusan del Sur at Norte, idinaos din ang mga pagtitipong tulad ng Dumalongdong sa Bukidnon at Misamis Oriental sa pamamagitan ng *Kahimunan*, *Kaamulan*, at iba pa. AB

## Panggigipit sa mga dalaw ng Kapatid

KINUNDENA NG MGA kaanak ng mga bilanggong pulitikal (Kapatid) ang panggigipit ng mga tauhan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) sa mga dumadalaw sa bilangguan.

Ayon kay Jimmylisa Badayos, sapilitan siyang ipinailalim sa *strip and cavity search* (pagpapahubad at pag-inspeksyon sa mga butas ng katawan kabilang ang ari) noong Disyembre 29 sa New Bilibid Prison sa Muntinlupa. Ayon sa Kapatid, kahiya-hiya at nagdudulot ng trauma ang paraang ito ng pagrekisa ng BJMP. Si Badayos ay asawa ng bilanggong pulitikal na si Calixto Vistal.

Bago nito, inireklamo ng grupo ang pag-antala sa kanilang dalaw noong Disyembre 21. Dahil dito, hindi naidaos ang taunang Paskuhan para sa mga bilanggong pulitikal. Hindi rin sila pinayagang dumalaw sa sumunod na araw. AB